

Pagsusuri sa COVID-19 sa Paaralan

Hulyo 27, 2023

Mga update simula Hulyo 27, 2023:

- Mga Na-update na mga Link
- Na-update na impormasyon ng programa para sa 2023-24 na taon ng pag-aaral
- Na-update na impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Pangkalahatang-ideya ng Pagsusuri sa Paaralan

Sa 2023-24, ang mga paaralan ay maaaring magpatuloy na makipagsosyo sa California Department of Public Health (CDPH) para sa mga mapagkukunan at suporta sa pagsusuri. Pakitingnan ang aming Balangkas ng 2022-23 at mga kaukulang Q&A para sa higit pang impormasyon:

- [Balangkas ng Pagsusuri para sa K-12 na mga Paaralan para sa 2022-2023 na Taon ng Pag-aaral](#)
- [Mga Madalas Itanong tungkol sa Pagsusuri sa K-12](#)
- [Patnubay sa K-12 para sa 2022-23 na Taon ng Pag-aaral](#)
- [Mga Tanong at Sagot sa Pagpapatupad ng Senate Bill 1479 \(ca.gov\)](#)

Mga Estratehiya ng CDPH sa Pagsusuri sa Paaralan

Kritikal ang kakayahang mabilis na masuri at matukoy ng mga indibidwal na may sintomas ang pagkakaroon ng COVID-19. Ang pagkakaroon ng mga opsyon sa pagsusuri na magagamit sa paaralan at sa-bahay para sa mga mag-aaral at kawani na may sintomas ay makakatulong sa kanila na makabalik sa paaralan nang mas mabilis, pati na rin limitahan ang anumang transmisyon sa lugar. Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga inirerekomendang estratehiya sa pagsusuri, mangyaring sumangguni sa [Patnubay ng CDPH sa Pagbubukod at Pagkakwarantenas](#) at ang [Pagsusuri sa COVID-19 – Ang Kailangan Mong Malaman](#) (PDF).

Para sa higit pang impormasyon sa gabay at update na nauugnay sa COVID-19 sa paaralan, pakibisita ang [Schools Hub](#).

Mga Uri at Pagsasaalang-alang sa Pagsusuri ng CDPH

Ang Estado ng California ay may [patnubay sa pagsusuri](#) na nagdedetalye ng iba't ibang uri ng pagsusuri, kabilang ang mga pagkakaiba sa pagitan ng diyagnostiko na pagsusuri, pagsusuri na screening, pagsusuri pagkatapos ng pagkakalantad at pagsubok bago ang pagpasok.

Mga Programa ng CDPH sa Pagsusuri sa Paaralan

Sinusuportahan ng CDPH ang mga sumusunod na libreng paraan ng pagsusuri: Sa-Bahay na Antigen na Pagsusuri at Sa-Paaralan/Propesyonal na Pagsusuri.

Sa-Bahay (Over-the-Counter o OTC) na Programa sa Pagsusuri

Nagbibigay ang CDPH ng mga libreng sa-bahay na mga pagsusuri sa mga paaralang K-12 ng California. Ang mga pagsusuri sa bahay ay mga pagsusuri sa sarili na maaaring pangasiwaan ng indibidwal (o kanilang magulang/tagapag-alaga) at hindi maaaring pangasiwaan ng mga kawani ng paaralan dahil sa mga regulasyon ng pederal (CLIA).

- [Mago-rder ng OTC na pagsusuri para sa iyong paaralan.](#)

Mga Petsa ng Pag-expire ng Sa-Bahay na Pagsusuri

Mangyaring subaybayan ang iyong imbentaryo ng mga pagsusuri at regular na suriin ang mga petsa ng pag-expire. Ang naka-print na petsa ng pag-expire ay maaaring hindi sumasalamín sa aktwal na petsa ng pag-expire dahil pormal na pinalawig ng FDA ang maraming mga OTC na pagsusuri. Mangyaring palaging tingnan sa FDA ang [mga ekstensyon ng pag-expire ng mga sa-bahay \(OTC\) na pagsusuri](#). Inirerekomenda ng CDPH na palitan ang mga pagsusuri na mas luma sa pinalawig na petsa ng pag-expire (matatagpuan sa website ng FDA), ngunit kung hindi madaling makuha ang mga bagong pagsusuri, maaari kang gumamit ng nag-expire na pagsusuri hangga't nananatiling wasto ang internal na kontrol.

Komunidad ng Programa sa Mabilis na Pagsusuri

Ang Estado ng California at ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH) ay nag-aalok ng isang programang pangkomunidad para sa pagsusuring na-waive ng CLIA gamit ang mga pagsusuri sa antigen ng Abbott BinaxNow. Upang gumamit ng sa-panahon-ng-pangangalaga na pagsusuri sa mga mag-aaral sa paaralan, ang mga regulasyon ay nangangailangan ng paggamit ng isang waiver ng CLIA na iniutos ng isang direktor ng laboratoryo at ng isang manggagamot. Ang waiver ng CLIA sa estado ay ibinibigay ng Estado pagkatapos ng pagsasanay at paglagda ng isang memorandum ng pagkakaunawaan (memorandum of understanding o MOU). Nangangailangan din ito ng paggamit ng online na platform na Primary.Health na nagbibigay-daan sa mga kawani at mag-aaral na magbigay ng pahintulot at magbigay ng mga resulta ng pagsusuri sa paraang alinsunod sa HIPAA. Matuto nang higit pa tungkol sa [Komunidad ng Programa sa Mabilis na Pagsusuri](#) o mag-email sa communityrapidtesting@cdph.ca.gov.

Pagtuturo sa Komunidad ng Iyong Paaralan

Ang pakikipag-usap sa komunidad ng paaralan tungkol sa pagsusuri ay mahalaga sa tagumpay ng iyong programa sa pagsusuri. Panoorin ang aming video kung paano ang pag-swab sa sarili ng mga bata. Maghanap ng higit pang mga mapagkukunan tulad ng

mga video na ibabahagi sa mga magulang, halimbawa ng mga email sa komunikasyon at isang pagbalik sa paaralan na kasunduan sa website ng aming kasosyo na Safely Opening Schools. Magbahagi ng impormasyon sa mga magulang, kawani at guro kung paano mangasiwa ng sa-bahay na mga pagsusuri. Magagamit ang mga mapagkukunan upang makatulong na turuan ang komunidad ng paaralan kung paano gamitin at pangasiwaan ang mga sa-bahay na pagsusuri sa maraming wika.

- [Video ng mga Bata na Gumagawa ng Self-Swabbing](#)
- [Ligtas na Pagbubukas ng mga Paaralan](#)
- [Mga Mapagkukunan para sa Edukasyon sa OTC sa Maramihang Wika](#)

Tugon sa Paglaganap

Ang mga lokal na kagawaran ng kalusugan at mga ahensya ng lokal na edukasyon (local education agencies o LEA) ay hinihikayat na panatilihin magagamit ang mabilis na naa-akses na mga pagsusuri sa antigen sa bahay upang tulungan ang mga paaralang K-12 na may mga paglaganap ng sakit sa kampus. Ang mga lokal na kagawaran ng kalusugan ay maaari ding magbigay ng partikular na payo kung kailangan ang patnubay.

Makipag-ugnayan sa Amin

- Para sa mga tanong sa Programa na Sa-Bahay na (OTC) na Pagsusuri, mangyaring mag-email sa SafeSchoolsTeam@cdph.ca.gov
- Para sa mga tanong sa Programa ng Komunidad sa Mabilis na Pagsusuri mangyaring mag-email sa communityrapidresponse@cdph.ca.gov
- Upang magpatala para makatanggap ng mga update ng CDPH sa email na nauugnay sa paaralan, pakigamit itong [form](#)

Orihinal na inilathala noong Agosto 4, 2022